SOCIAL PSYCHOLOGY

Alejo, Elizer E. "Ang Koncepto ng Kalungkutan ng Estudyante sa Dalawang Piling Pamantasan: Katangian at Kalutasan." 1986. Undergraduate thesis. DLSU.

Printer: Commodore

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

# Ang Konsepto ng Kalungkutan ng Estudyante sa Dalawang Piling Pamantasan: Katangian at Kalutasan

04218
AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Isang Pag-aaral
na Iniharap sa
Departamento ng Behavioral Sciences
Unibersidad ng De La Salle

Bilang Bahagi ng Kailangan
Upang Makamit ang Titulong
B.A. sa Sikolohiya

ni
Elizer E. Alejo
Disyembre, 1986

# NILALAMAN


ABSTRAK ........................ i
PASASALAMAT ........................ iii
ALAY ........................ iv
Kabanata 1
PANIMULA ........................ 1
  1.1 Pagpapahayag ng Problema ..... 4
  1.2 Kahulugan ng mga Salita ..... 5
  1.3 Kahalagahan ng Pag-aaral ..... 6
  1.4 Saklaw at Limitasyon ........ 8
Kabanata 2
BALIK-TANAW SA MGA KAUGNAY NA
  LITERATURA ........................ 11
  Ang "Kahulugan" ng Kalungkutan
    sa Kanluraning Bansa ........... 11
  Ang Kahulugang Kalungkutan sa
    Kontekstong Pilipino ........... 16
  Sintesis ........................ 19
Kabanata 3
METODOLOHIYA ........................ 20
  3.1 Disenyo ng Pananaliksik ..... 20
  3.2 Kalahok ........................ 20
  3.3 Kagamitan ........................ 21
  3.4 Patakaran ........................ 22
  3.5 Pagsusuri ng Datos ........... 23
Kabanata 4
MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY ....... 24
  4.1 Mga Resulta ................... 24
  4.2 Pagtatalakay ................... 31
Kabanata 5
BUOD, KONKLUSYON AT
  REKOMENDASYON ................... 38
  5.1 Buod ........................ 38
  5.2 Konklusyon: Ang Kalungkutan
    ay Nalulunasan at Nagtuturo ... 40
  5.3 Rekomendasyon sa Mananaliksik,
    Estudyante, at mga Tagapayo ... 42
BIBLIOGRAPIYA ........................ 45
Apendise 1 ........................ 46
Apendise 2 ........................ 47
Apendise 3 ........................ 48

# ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na tiyakin ang kaluhugan, sanhi at kalutasan ng kalungkutan sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binibuo ng dalawandaan at dalawampung (220) estudyante mula sa Unibersidad ng De La Salle at Unibersidad ng Pilipinas. Isang palatanungan na binubuo ng dalawang bahagi, sanhi at kalutasan, ang ipinasagot sa kanila.

Natuklasan sa pag-aaral na ang karaniwang sanhi ng kalungkutan ng mga estudyante ay nauugnay sa kanilang pag-aaral. Kabilang dito ang pagbagsak sa eksamen, kawalan ng perang pangmatrikula at panggastos sa araw-araw, kawalan ng kakayahan at talino kung ihahambing sa iba at pagkakasakit sa araw ng eksamen. Ang ganitong kabiguan ay nakaaapekto sa isipan ng mga mag-aaral.

Marami ring suliraning pansarili ang mag-aaral na nagdudulot sa kanya ng matinding kalungkutan. Kasama sa mga suliraning ito ang mga pisikal na depekto at kapansanan, pag-iisa, walang magawa at mapuntahan, at iba pa. Ang kapwa ay may malaki ring papel sa pagdama ng kaligayahan at kalungkutan ng isang estudyante. Kasama sa kanyang mga suliranin ang paghihiwalay ng mga magulang, pakikipagkagalit sa kasintahan o matalik na kaibigan, pagkamatay ng mahal sa buhay, at pagdating ng mga masamang pangyayaring hindi inaasahan.

Iba't iba ang mga pamamaraang ginagamit ng estudyante upang malunasan o mabawasan ang nadaramang kalungkkutan. Ito ay ginagawa niyang mag-isa sa pamamagitan ng pagdarasal, pagbabasa, panonood ng sine o telebisyon, paglalaro at pagbubuhos ng panahon sa mga malikhaing gawain tulad ng pagpipinta, pagsusulat ng mga akda at pagtugtog ng mga instrumentong pang-musika o pagkanta. Naiiban din ang kanyang kalungkutan sa pamamagitan ng pagbubukas ng sarili sa pinagkakatiwalang kaibigan o kaya't pakikihalubilo sa mga pagtitipon at kasayahan. Isa sa malakingtulong na naibibigay ng paaralan ay ang mga organisasyong sibiko at kultural na maaaring salihan bilang regular na kasapi o pangpanguluhan man. Bukod sa mga nabanggit,

malaki rin ang papel na ginagampanan ng edad, bilang o katayuan sa pamilya at uring kinabibilangan sa lipunan ng isang mag-aaral sa pagtugon at pag-angkop sa kanyang mga suliranin. Natuklasan sa pag-aaral na upang makalimot sa suliranin at makaiwas sa kalungkutan, ang estudyante ay umuuwi rin sa probinsya o kaya'y naglalakbay sa ibang bansa. Ang isang estudyante ay kailangang matutong humarap sa katotoanan ng buhay, magkaroon ng lakas ng loob upang gawin ang pagbabago, at tiwala sa sarili at kapwa upang ipagtapat niya ang kaniyang nararamdaman at pangangailangan tungo sa mabuting paglutas sa kalungkutan.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO · INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas · Since 1977 · Dasmariñas, Cavite, Philippines